7H4
12-16-10

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG DISYEMBRE 13, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 218-T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 5 NG BARANGAY DUHAT NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN LABING ISANG LIBO APATNARAAN TATLUMPU'T PITONG PISO AT DALAWAMPU'T APAT NA SENTIMOS (Php111,437.24) MULA SA REAL PROPERTY TAX (Php64,914.94); BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN (Php27,356.50) AT PONDONG NAKALAAN SA ALLOWANCE – JUNE – DECEMBER 2010 (Php19,400.00) NA MAY KABUUANG HALAGANG Php111,671.44 UPANG ILAAN SA 10% SK FUND (Php6,491.49); 5% CALAMITY FUND (Php3,245.75); PRODUCTIVITY ENHANCEMENT INCENTIVE (Php70,400.00) AT KALOOB TULONG SA MGA KATULUNGIN (Php31,300.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 5 ng Sangguniang Barangay ng Duhat sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 127-T2010 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php111,437.24 mula sa Real Property Tax (Php64,914.94); Balanseng Walang Pinaglalaanan (Php27,356.50) at Pondong nakalaan sa Allowance June-December (Php19,400.00) na may kabuuang halagang Php111,671.44 upang ilaan sa 10% SK Fund (Php6,491.49); 5% Calamity Fund (Php3,245.75); Productivity Enhancement Incentive (Php70,400.00) at Kaloob tulong sa mga katulungin (Php31,300.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T**, lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr., Jun M. Asinas at Laarni A. Malibiran at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 5 ng Barangay Duhat na nagpapatibay ng halagang Php111,437.24 mula sa Real Property Tax (Php64,914.94); Balanseng Walang Pinaglalaanan (Php27,356.50) at Pondong nakalaan sa Allowance June-December (Php19,400.00) na may kabuuang halagang Php111,671.44 upang ilaan sa 10% SK Fund (Php6,491.49); 5% Calamity Fund (Php3,245.75); Productivity Enhancement Incentive (Php70,400.00) at Kaloob tulong sa mga katulungin (Php31,300.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan